Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-29 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 195-T'2001*

*KAPASIYAHANG SINUSUPORTAHAN ANG KAPASIYAHAN BLG. 48-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL NA HUMIHILING SA TANGGAPAN NG KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA S. LAZARO NA MAIPASEMENTO ANG DAANG BARANGAY NA MAY HABANG 240 METRO NA NAG-UUGNAY SA SITYO DAMA DE NOCHE AT SITYO BOUGAINVILLA AT DAANG BARANGAY NA MAY HABANG 750 METRO SA SITYO CAMIA KASAMA ANG DAANG GILID NG IRIGASYON.*

*SAPAGKA'T,* nilalayon ng kapasiyahan ng Sangguniang Barangay ng Bubukal na makagawa ng isang hakbanging makatutulong sa mga mamamayan ng mga nabanggit na sityo na magkaroon ng maayos na daraanan ng tao maging sa pagdaan ng mga sasakyan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na suportahan ang Kapasiyahan Blg. 48-T'2001 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal na humihiling sa Tanggapan ng Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro na maipasemento ang Daang Barangay na may habang 240 metro na nag-uugnay sa Sityo Dama de Noche at Sityo Bougainvilla at Daang Barangay na may habang 750 metro sa Sityo Camia kasama ang daang gilid ng irigasyon.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro, Kgg. Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

9/17/2001